



Pagpapain

Kasama sa pagpapain ang paggamit ng organikong pain na babagay sa mga pananim sa harap at likod ng mga bakuran.

Kabilang dito ang:

- Paglagay ng pain bilang 40ml na kantidad sa halamanan na may 150 na iba't-ibang mga lugar sa bawat hektarya (ito ay may katumbas ng 12 mga lugar sa isang bahay o ari-arian)
- Paglagay muli ng organikong pain sa regular na paraan hangga't kami ay may tiwala na ang mga langaw ng prutas ay kontrolado na.
- Kung ang inyong bahay o ari-arian ay nasa loob ng 200-metro mula sa lugar na napag-alaman na may langaw ng prutas, ang pain ay ilalagay ng dalawang beses sa isang linggo; sa ibang mga lugar ng paglaganap ay lalagyan ng pain ng isang beses sa isang linggo.

Ang pagpapain ay kadalasang tumatagal ng anim hanggang walong linggo, depende ito sa dami ng bilang ng napag-alamang mga lugar. Matapos ang panahong ito, ang paglalagay ng pain ay ihihinto at ang mga baog na mga langaw ay maaari nang pakawalan sa lugar.

Pinaka-epektibo ang pain kapag ito ay inilagay sa bakuran ng mga pamamahay o ari-arian kung saan may paglaganap, ito ay kung saan mayroong apektadong mga namumungang puno. Kung hindi ito maaaring gawin, ang pain ay ilalagay sa halamanan sa inyong pamamahay.

Ang aming mga kawani sa pagsasagawa ng pain ay maaaring bumisita sa inyong pamamahay o ari-arian, ito ay bilang kasama sa programa sa pagpuksa.

Paglilinis (pag-kolekta ng prutas)

Kasama sa paglilinis ang pag-kolekta ng mga nahulog na mga prutas sa mga bakuran kung saan may paglalaganap. Sa lugar na kung saan natagpuan ang mga uod, ang lahat ng bunga sa puno ay kukunin. Kapag nai-deklara na ang paglaganap, ang aming mga kawani ay susuriin ang mga kabahayan at pag-aari sa loob ng lugar ng kwarantina sa lalong madaling panahon. Kung kayo po ay mayroong mga namumungang puno sa inyong bakuran, ang aming mga kawani sa paglilinis ay bibisita sa inyong pamamahay o pag-aari habang may programa sa pagpuksa.

Ang kahalagahan ng walang langaw sa prutas

Ang South Australia lamang ang estado sa pangunahing lupa ng Australia na kung saan ay walang langaw ng prutas. Ang katayuang ito ay may mahalagang benepisyo sa ating estado, kasama dito ang:

- Pag-protakta ng pang-komersiyong produksyon ng mga prutas, gulay, pang-alak na ubas at almond, lalung-lalo na sa Riverland at Murraylands; ang tinatanyang halaga ng mga prutas at gulay dito na maaaring maapektuhan ng langaw ng prutas ay nasa \$1.3 billion
- Para masigurado ang paggamit at pakinabang sa kalakalagang pag-export kabilang dito ang Japan, USA at New Zealand, na nagkakahalaga ng \$72 milyon sa mga taong 2018-19
- Para mapabuti ang kakayahan ng mga residente na magpatubo ng mga prutas at gulay sa kanilang kabahayan na may mas kaunting pestesidyo.

Ang ibig sabihin ng pagiging walang langaw sa prutas ay makakatubuhan po kayo ng inyong mga prutas at gulay na may kasiguruhan na wala itong mga uod.

Ang pagpakawala ng mga baog na langaw ng prutas

Ang pagpapakawala ng baog na langaw ng prutas minsan ay ginagawa kapag nakumpleto na ang pagpapain at paglilinis.

Para ito ay maging epektibo, ang pagpapain ay dapat na mabawasan ang bilang ng mga langaw na makikita kung saan laganap ito.

Ang mga baog na mga langaw ay kadalasang pinapakawalan mula sa isang gamit sa likod ng isang sasakyan na marahang minamaneho kung saan mayroong paglaganap.

Ang bahaging ito ng programa sa pagpuksa ay maaaring tumagal ng 12 linggo at hindi na kailangang puntahan pa ang mga bakuran ng mga pamamahay.

Ang kombinasyon ng pagpapain at teknolohiya sa baog na mga insekto ay ang kasalukuyang pinaka-magaling na gawain para puksain ang mga langaw ng prutas.

Paggamit ng bitag

Ang mga bitag sa pagmamaisid ay maaaring ilagay sa bakuran ninyo mismo o malapit dito.

Ang bitag ay naglalaman ng organikong pang-akit - na ligtas sa mga tao o alagang hayop - ito'y kaakit-akit sa mga langaw ng prutas at pumapatay sa mga ito.

Ang amin pong mga kawani ay kailangang makapasok sa inyong bakuran para magsabit ng bitag sa isang puno at paminsan-minsan ay bibisitahin ito para maglagay ng bagong pang-akit.

Kumontak sa amin



Para sa karagdagang impormasyon tumawag sa Hotline para sa Langaw ng Prutas: **1300 666 010** o bumisita sa pir.sa.gov.au/fruitfly

Ang impormasyon sa leaflet na ito ay makukuha sa ibang format o wika para sa mga may kailangan nito. Kumontak sa PIRSA para sa iba pang detalye.

PIRSA

Paglaganap ng Langaw ng Prutas (Fruit Fly Outbreak)

Ang mga hakbang para sa Kwarantina (Quarantine) ay isinasagawa na sa inyong lugar, kasama dito ang paghihigpit sa paglabas ng mga prutas at gulay na pinatubo sa bahay





Para sa mga naninirahan sa bahay,

Ang inyo pong bahay at ari-arian ay nasa lugar kung saan lumalaganap ang langaw ng prutas.

Kapag nai-deklara ang paglaganap ng langaw ng prutas, ang Pangunahing mga Industriya at mga Rehiyon sa South Australia o ang Primary Industries and Regions SA (PIRSA) ay nagsasagawa ng programa para puksain ito.

Ang impormasyong ito ay para sabihan po kayo tungkol sa langaw ng prutas at ang isinasagawa na programa para puksain ito.

Ano ang langaw ng prutas?

Ang langaw ng prutas ay isa sa mga pinaka-mapanirang peste sa halaman at maaaring makasira ng mga prutas at gulay sa panghanap-buhay na pananim at mga hardin sa bahay. Ang isang babaeng langaw ng prutas ay nagingitlog sa mga prutas at gulay, kabilang dito ang:

- **Stone fruits** (tulad ng mga apricot, peach, nectarine, plum at cherry)
- **Citrus** (tulad ng mga orange, lemon, grapefruit at calamansi o cumquat)
- **Namumungang mga gulay** (tulad ng mga kamatis, capsicum o sweet pepper, sili, talong at tamarillo)
- **Pome fruits** (tulad ng mga mansanas, peras at quince)
- **Namumulaklak na mga halaman** (tulad ng mga loquat, fig at feijoa)
- **Tropical fruits** (tulad ng mga saging at manga).

Papaano idine-deklara ang paglaganap ng langaw ng prutas?

Idine-deklara na may paglalaman ng langaw ng prutas kapag napagalaman ang langaw o uod nito.

Nalalaman ito sa pamamagitan ng mga uod sa prutas o nakita ang mga ito sa mga bitag.

Kapag nai-deklara na ang paglaganap, mayroong palibot ng isa't kalahating kilometro (1.5 kms) na lugar ng kwarantina ang isinasagawa at isang programa para puksain ito ay magsisimula.

Ano ang dapat ninyong gawin

Ang batas na *Plant Health Act* ng 2009 ay nag bibigay permiso sa mga kawani ng PIRSA na magpunta sa mga pamamahay at pag-aari upang gawin ang mahalagang gawain na ito, kaya paki-usap po na payagan ninyo ang aming mga kawani na makapasok sa inyong bakuran. Kung kayo po ay may mga aso, paki-pigilan po ang mga ito habang naririyang ang aming mga kawani.

Huwag magdala ng mga prutas na pinatubo sa bahay kung saan mayroong paglalaman.

Hindi ninyo dapat tanggalin ang pinatubo sa bahay na mga prutas, namumungang mga gulay, o kalat sa hardin mula sa inyong ari-arian. Hindi po ninyo dapat dalhin ang mga prutas bilang baon sa trabaho o sa eskwela kung ito po ay inyong kakainin sa labas ng lugar ng kwarantina.

Maaari po ninyong itapon ang hindi kailangang mga prutas at gulay sa inyong 'green bin' tulad ng dati ninyong ginagawa. Nakipag-ugnayan po kami sa inyong lokal na council para sa sistema ng pagtapon ng 'green' na basura sa panahon ng paglaganap ng langaw ng prutas.

- ✓ **Paki-bigyan po ng paraan na makapasok** ang mga kawani ng PIRSA sa inyong harap at likod na hardin para madali nilang matapos ang kanilang dapat gawin.
- ✓ **Paki-report po** ng anumang mga uod na makikita sa mga prutas o namumungang mga gulay kasama na dito ang mga galing sa pamilihan. Ilagay po ang mga ito sa plastic bag, isara ito at tumawag sa **Fruit Fly Hotline (1300 666 010)** para sa pagkuha nito.
- ✓ **Paki-kolekta** ang mga nahulog o sobrang hinog na mga prutas o namumungang mga gulay at ilagay po ang mga ito sa inyong 'green bin'. Huwag po ninyong isama ito sa inyong 'compost' o ginagawang abono.
- ✓ **Paki-luto** o gawing minatamis ang sobrang prutas na pinatubo sa bahay at namumungang mga gulay. Ang mga ito ay maaaring ilabas sa lugar ng kwarantina.
- ✗ **Huwag po** ninyong iwan ang mga prutas na pinatubo sa bahay at namumungang mga gulay sa lupa.
- ✗ **Huwag po** ninyong gawing 'compost' o abono ang mga prutas na pinatubo sa bahay at namumungang mga gulay, kabilang na ang mga galing sa pamilihan habang nasa panahon ng kwarantina.

Gaano ba katagal isinasagawa ang kwarantina?

Ang itinatagal ng kwarantina ay maaaring iba-iba dahil ito ay depende sa dami ng bilang ng mga langaw na napag-alaman sa loob ng panahon na itinukoy sa ilalim ng National Fruit Fly Management Protocols.

Amin pong isinaalang-alang na ang mga paghihigpit at ipinagbabawal sa kwarantina at ang programa ng pagpuksa ay magsasamhi ng abala, ngunit ang inyong kooperasyon ay malaking tulong para sa amin na panatilihin walang langaw ng prutas sa South Australia.

Kapag na-kumpleto na ang programa sa pagpuksa, kayo po ay aabisuhan sa pamamagitan ng leaflet. Pagkatapos po lamang nito saka na maaaring ilabas sa inyong ari-arian ang mga prutas at gulay na pinatubo sa bahay.

Ano ang nangyayari habang may programa sa pagpuksa?

Ang mga kawani ng PIRSA ay bibisita sa mga pag-aari at kabahayan upang magsagawa ng mga gawain sa pagpapain at kalinisan.

Ang aming mga kawani ay naka-suot ng kulay orange na overalls at nagdadala ng identification card (ID) ng PIRSA.

Sa puntong ito, marahil ang paglilinis at pagpapain ay nakapagsimula na sa inyong lugar.

Kapag nakumpleto na ang pagpapain, maaari naming pakawalan ang mga baog na mga langaw ng prutas kung saan lamanap ito. Ito ay para maiwasan na mangitlog pa ang mga naiwang mga langaw.